Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

# Ika-83 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

## Pag-ulat sa Mayor at sa Konseho ng Kawasaki Ukol sa Aktibidad ng taong 2024



Noong ika-18 ng Abril, Biyernes, ipinasa nina Thimbo Sene Aissatou (Tagapangulo), Sucheta Srinivasan (ikalawang pangulo), Yoza Adidaya (tagapangulo ng Komite ng Lipunang Multikultural), at Wangshu Shan (Tagapangulo ng Komite para sa Mapayapang Pamumuhay) kay Mayor Norihiko Fukuda ang pag-ulat sa taong 2024. Aming iniulat ang mga pinagdeliberasyon sa Komite ng Lipunang Multikultural na tungkol sa “pagpapalaganap ng impormasyon”, “pag-alaga at pag-paaral ng bata”, at “sertipiko ng pamilya na may ibang apelyido”, at sa Komite para sa Mapayapang Pamumuhay na tungkol sa “Pag-iwas sa Kalamidad at Sakuna”, “Pagbuo ng symbiotic na komyunidad”, at “pangangalagang medikal”. Ayon sa mayor, “Salamat sa inyong masigasig na pakikilahok sa pagpulong. Ang Pagpulong ng mga Kinatawan ng mga Dayuhang Residente, na may mahabang kasaysayan, ay nakakaakit ng higit at higit na atensyon habang dumarami rin ang bilang ng mga dayuhang residente. Ang isang lungsod na madaling tirahan ng mga dayuhang residente ay mabuti din para sa mga residenteng Hapon. Nais naming patuloy na gamitin ang mga resulta ng mga deliberasyon ng kinatawan sa pag-administro ng lungsod.” Bilang karagdagan, noong Huwebes, ika-22 ng Mayo, inimbitahan sina Tagapangulong Sene at Ikalawang Pangulong Sucheta bilang sanggunian sa Komite sa Edukasyon ng Konseho ng Lungsod, kung saan kanilang inireporta ang mga aktibidad sa taon ng 2024. Ang taunang ulat ay ipinamamahagi sa sulok ng mga materyales sa mga pulong ng kinatawan, at maaari ding basahin sa website ng lungsod, sa mga civic center at mga aklatan.

## Pagsagawa ng talakayan para sa pagbuo ng panukala mula Abril hanggang Hunyo

Ako si Yoza, Tagapangulo ng Komite ng Lipunang Multikultural. Ang mga miyembro ng komite ay nagkaroon ng masiglang talakayan tungkol sa mga rekomendasyon, at ito ay nasa direksyon ng pagsuporta sa paggawa ng chart ng pagdadaanan mula sa elementarya para sa mga batang galing sa ibang bansa. May opinyon din na mahalaga din ang "standardization ng mga welcome set", kaya isasaalang-alang namin kung isasama ito sa rekomendasyon. Patuloy kaming magsisikap upang matiyak na ang mga deliberasyon ay makabuluhan.

Yoza Adidaya

Ako si Shan, tagapangulo ng Komite para sa Mapayapang Pamumuhay. Kami ay nagkaroon ng mainit na debate tungkol sa “Pag-iwas sa Kalamidad at Sakuna”, “Pagbuo ng symbiotic na komyunidad”, at “pangangalagang medikal”. Pagkatapos ng pagkonsidera sa pangangailangan, interes, at pwedeng isagawa, aming piniling ituloy ang deliberasyon ukol sa “Pag-iwas sa Kalamidad at Sakuna” at “Pagbuo ng symbiotic na komyunidad”. May mga panukala sa paggawa ng multi-lingwal na impormasyon sa pag-iwas sa sakuna, at multi-lingwal na pag-anunsyo. Ang "multilingualization" ay isang mahalagang keyword sa mga diskusyon. Sa susunod , patuloy kaming magtutulungan upang makalikha ng kapaligiran para sa mapayapang pamumnuhay ng mga dayuhang residente ng Kawasaki.

Wangshu Shan

# Nais mo bang making sa meeting?

Kahit sino ay maaaring making sa pagpupulong. Mangyaring pumunta sa mga pulong! Sa Open Forum sa Linggo, ika-16 ng Nobyembre, hindi lamang pakikinig, kundi maipahayag din ang inyong mga opinyon.

## ——Iskedyul ng mga susunod na meeting——

| | | | |
|---|---|---|---|
| Ika-2 meeting | Ikalawang araw | Setyembre 7, 2025 (Linggo) | Pag-aayos ng panukala |
| Ika-3 meeting | Unang araw | Oktubre 12, 2025 (Linggo) | Pagkumpirma ng panukala |
| | Open Forum | Nobyembre 16, 2025（Linggo） | Pagdinig ng mga opinyon mula sa mga kalahok tungkol sa panukala |
| Ika-3 meeting | Ikalawang araw | Disyembre 14, 2025 (Linggo) | Pagsuri ng draft |

Lugar: Kawasaki International Center (10 minutong lakad mula sa Motosumiyoshi station, Tokyu Toyoko Line/Meguro Line)

Oras：Mula 2pm hanggang 5pm

# Halina't dumalo sa Open Forum!

Sa Open Forum na gaganapin sa Kawasaki City International Center sa Linggo, ika-16 ng Nobyembre, ating maririnig ang mga komento mula sa mga residente ukol sa mga iminungkahing rekomendasyon galing sa mga Kinatawan ng Dayuhang Mamamayan. Upang mas maipagpabuti at gawing mas makabluhan ang rekomendasyon, nais naming marinig ang iyong mga opinion. Isang pagsasalo ang pinaplano pagkatapos ng Open Forum. Inaasahan namin ang iyong pakikilahok.

## Recruitment para sa ika-16 Termino ng Kinatawan ng Dayuhan

Sa Pagpupulong ng mga Kinatawan ng Dayuhang Mamamayan ng Kawasaki, nag-uusap ang mga kinatawan nang 8-9 beses sa isang taon, tuwing hapon ng Linggo, tungkol sa mga problemang hinaharap ng mga dayuhan. 。Ang result anito ay ipanapasa bilang panukala sa mayor.

**Kwalipikasyon:** Ang mga taong naaangkop sa sumusunod na kwalipikasyon ay pwedeng mag-apply ① Walang hawak na nasyonalidad ng Hapon, ② Ang edad ay 18 pataas mula Abril 1, 2026, ③ Nakatala bilang residente ng Kawasaki nang higit sa isang taon mula Abril 1, 2026

**Termino**: Mula Abril 1, 2026 hanggang Marso 31, 2028 (2 taon)

**Bilang ng posisyon**: 26 katao

**Deadline ng Aplikasyon**: Nobyembre 18, 2025（Martes）

**Application Form↓**

**Pagpulong para sa Impormasyon ukol sa Recruitment para sa ika-16 Termino ng Kinatawan ng Dayuhan**

**Araw at Oras**: Oktubre 12, 2025 (Linggo) 5:15~:45 ng hapon

**Lugar**: Kawasaki International Center Reception Room

Ang pagpupulong ay makikisali sa "Kawasaki Citizen's Festival (Nobyembre 1, Sabado hanggang Nobyembre 3, Lunes sa Fujimi Park) *" at "International Festival in Kawasaki (Nobyembre 9, Linggo sa Kawasaki International Center)" ! *Ang mga kinatawan ay makikisali sa isa sa mga araw sa pagitan ng Sabado, Nobyembre 1 at Lunes, Nobyembre 3. Hindi pa napagdesisyonan kung kelan sa mga araw na ito.

# ～Pagpapakilala ng Kultura ng Ika-15 na Kinatawan～



## "Labor Day" ng Amerika

Sa Amerika, ang unang Lunes ng Setyembre ay isang holiday para sa Araw ng Manggagawa o Labor Day. Para sa maraming mga Amerikano, ang araw na ito ay marka ng pagtatapos ng tag-init o summer. Sa katapusan ng linggo ng Labor Day, makikita ang mga tao na nagpipiknik o barbeque sa buong bayan. Aking ipakikilala ang klasikong recipe ng barbeque.

**Pag-gawa ng Classic American BBQ Chicken (pang-4 na tao)**

1. Paghaluin ang lahat ng sangkap ng sauce. Paghiwalayin ang kalahati para sa pang-marinate at kalahati para sa pang-ihaw.
2. Budburan ng isang kutsarang asin ang 650g ng buto at balat na hita ng manok. I-marinate sa sauce.
3. Hiwain ng tig-1.5cm na kapal ang 600g ng sibuyas. Budburan ng 1 kutsarita ng asin at mantika at ikalat sa isang baking tray.
4. Ilagay ang hita ng manok sa ibabaw ng hiniwang sibuyas.
5. Iluto nang 180°C nang mga 20 minuto. Ipa-abot sa 74°C ang pinakamakapal na bahagi ng manok, upang maluto nang maayos.
6. Painitin ang natirang sauce at ikalat sa hita ng manok, pagkatapos ay lutuin hanggang sa maging brown ang balat.

Mga Sangkap ng Sauce
1 tasa ng ketchup, ½ tasa ng apple cider vinegar, ½ tasa ng dilaw na mustasa, 70g brown sugar, 2 kutsara Worcestershire sauce, 1 kutsara Hot sauce, 2 kutsarita ng itim na paminta, 1 kutsara ng pulbos ng bawang

Yurika Karen Ito

## Vietnam Hoi An Lantern Festival



Sa gitnang Vietnam ay matatagpuan ang Hoi An na isang magandang sinaunang bayan na may mga gusaling itinayo noong ika-16 na siglo. Ito ay nakarehistro bilang isang UNESCO World Heritage Site noong 1999.

Sa panahon ng Lantern Festival, na ginaganap sa ika-15 araw ng lunar calendar bawat buwan, ang buong bayan ay nababalot ng mystical na liwanag, na nakakaakit ng mga bisita.

An Vu Hong

## Bulgaria "Araw ng Pangalan (Name Day)"

Sa Bulgaria, ang mga indibidwal ay madalas na ipinapangalan sa mga santo ng simbahang Katoliko o Orthodox na simbahan. Halimbawa, ang pangalang Maria, na karaniwang ibinibigay sa mga kababaihan, ay ipinangalan sa Birheng Maria, at ang "Araw ng Pangalan" nito ay ika-15 ng Agosto, ang araw ng Assumption. Ang "Araw ng Pangalan" ay isang mahalagang kaganapan, mas mahalaga pa kaysa sa kaarawan ng isang tao. Sa "Araw ng Pangalan," kahit na hindi sabihan, ang mga kaibigan at kakilala ay nagtitipon sa tahanan ng tao, na may dalang regalo at bulaklak, upang magdiwang. Nakaugalian na ng taong ipinagdiriwang na maghanda ng pagkain, matamis, at inumin bilang pagtanggap sa bisita. Masigla at mainit ang pagdiriwang, na may sumisigaw ng "Честит имен ден!" (ibig sabihin: Maligayang Araw ng Pangalan!).

Gabriela Hristova

# Ulat sa Fieldwork ng Komite para sa Mapayapang Pamumuhay

Ako si Pustovskikh mula sa Komite para sa Mapayapang Pamumuhay. Noong ika-11 ng Mayo, Linggo, lumahok ako sa Nakahara Ward Disaster Prevention Drill. Ito ay isang mabuti at kapaki-pakinabang karanasan dahil kasalukuyang tinatalakay ang "pag-iwas sa kalamidad at mga sakuna" sa aming komite. Bago sumali sa pdrill, naisip ko na kung may sakuna ay pwede akong humingi ng tulong sa iba, ngunit sa drill ay natutunan ko ang diwa ng "pagprotekta sa sariling tahanan (pagtulong sa sarili)". Lumahok din ako sa drill sa pagtugon sa sakuna ng hangin at baha, at sa karanasan sa usok, kung saan naranasan ko kung gaano nakakatakot ang mga sakuna.

Ang pinaka napagtanto ko kung may sakuna at mainam na lumikas ng bahay, hindi pala ako nakapaghanda pa ng mga kinakailangan. Maaaring sumang-ayon ka na ang kalinisan at pamamahala sa kalusugan ang pinakamahalagang bagay, ngunit maaaring hindi ka handa para sa mga bagay na kailangan. Mangyaring maglaan ng ilang sandali upang suriin ang inyong mga gamit para sa sakuna.

Anastasia Pustovskikh

**Mga halimbawa ng mga bagay na kailangan para sa pangmatagalang paglikas**

| | | | |
|---|---|---|---|
| ・Tubig (10 litro bawat tao bawat araw) | ・LED lantern | ・Pagkain | ・Battery |
| ・Water bag at plastic bag | ・Radyo na pwedeng i-charge gamit ang pagpaikot | ・Wet tissue | ・Portable toilet (5 beses bawat tao bawat araw) |

## Paunawa Mula sa Lungsod ng Kawasaki
## Kahilingan para sa pakikipagtulungan sa census

Magsasagawa ng census upang malaman ang bilang, edad, trabaho, atbp. ng lahat ng tao (kabilang ang mga dayuhan) na naninirahan sa Japan sa ika-1 ng Oktubre. Mula ika-20 ng Setyembre (Sabado), magbibigay ng talatanungan ang mga surveyor sa inyong mga tahanan. Ang mga kayang sumagot gamit ang internet, ay pwedeng sumagot mula ika-20 ng Setyembre, Sabado hanggang ika-8 ng Oktubre, Miyerkules (may 7 wika ang kayang gamitin: Japanese, Ingles, Chinese, Korean, Portugese, Espanyol, at Vietnamese). Madali ding gamitin ang pahina para sa suporta sa ibang wika (may 28 wika ang suportado). Ang mga hindi kayang sumagot sa internet, o kaya may mga tanong, mangyaring makipag-ugnayan sa contact center.

国勢調査2025



**Contact Center ng Census**

(Setyembre 16 hanggang Nobyembre 7 9am hanggang 9pm）

・Telepono: 0570-02-5901　・Kung gamit ang IP Phone o Prepaid phone: 03-6628-2258

・Website　（Suporta para sa ibang wika）*https://www.kokusei2025.go.jp/language/

*Mangyaring i-access ang survey pag dumating na ito

【Inilathala】 Kawasaki City Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau
Miyamoto-chou 1, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577
Tel : 044-200-2846　Fax : 044-200-3707　E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi ukol sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan
http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70%
R70 古紙パルプ配合率70%再生紙を使用